VOLUME 6 ISSUE 1 | JANUARY TO JUNE 2023 | ISSN 2719-0293

# ATIng KAUGNAY

THE OFFICIAL PUBLICATION OF AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE - REGIONAL TRAINING CENTER 5



## TOPNOTCHER NA HANAPBUHAY
## RAFAEL PANTINO *ng Virac, Catanduanes*

READ ON PAGE 8

## CHILL LANG, IT'S *CHILI!*
Kwento ni Angelica Porto

READ ON PAGE 11




ATI Bicol

# INSIDE

## NEWS


ATI Bicol, Gumawa ng Kasaysayan Bilang DOT-Accredited Agri-Tourism Farm Site 1

DA-ATI Bicol Empowers 22 Camarines Sur and Norte INSPIRE Program Beneficiaries 2

Mga Bagong Inisyatibo, Ipinakilala sa Paggunita ng Ika-36 na Taon ng ATI 3

Camarines Norte BAEWs Empowered on Rice Pest and Nutrient Management 4

RCEF Farm Schools Package CBC for DAC

22 AEWs, Nagtapos ng RCMAS Training 5

ATI, BJMP Gear Up PDLs for Hydroponics

4-Month SL-TOT on COrn production Technology Kicks Off 6

20 Farmer Leaders Completed Training on FBS

DFP Para sa AEWs, RCEF Farm Schools, Isinagawa 7

DA-ATI Bicol Inks MOA with DAR et al. for FBS Project


## FEATURE


TOPNOTCHER! Rafael Pantino ng Virac, Catanduanes 8

Chill Lang, It's Chili! Kwento ni Angelica Porto 11

10 36 Oras sa Bicol: Ang Pagbisita nila ATI Nat'l Director Recoter, Assistant Director Arceo

12 Refresher Course for RCEF Trainers, Isinagawa

Bicol 4H Youth Camp: Mahigit 60 Kabataan Nagsama. Nagtagisan, Nagbuklod

14 DA-ATI Bicol Holds Operational Planning Workshop

DA-ATI Bicol, UPLB Train LSAs on Community Seed Banking

15 ATI Bicol Triumphs in Third Party ISO Surveillance Audit

DEBESMSCAT OJTs Completed Internship Program

16 Youth Scholarship for Organic Farming Grantees Sign MOA with DA-ATI Bicol, Farm Partners

4-H'er Mula Camarines Norte, Magsasanay sa Bansang Hapon

17 Joross Farm Makes History-First LSA II in Bicol; First Multi-Province LSA II Nationwide!

DA-ATI Bicol at Munisipyo ng Basud, Nagsagawa ng RCM Briefing

18 Rice Crop Manager Briefing, Muling Isinagawa sa Catanduanes

19 National ATI Directorate, Binisita si Bert Diesta

20 ATI Dirtectors Nakapanayam ang Kabataan, Kasanggang LSA

ATI-CO ManCom Visits to Validate RTC Operations

ASEAN Farmers Exchange Spotlights

21 ATI Initiatives

"Pagkaing Dapat Ligtas" Bags Best Participatory Video





## About the Cover

This edition features  the success stories of Rafael Pantino, a rice farmer from Virac, Catanduanes, and Angelica Porto, a young agripreneur from Tigaon, Camarines Sur.



# ATI BICOL, GUMAWA NG KASAYSAYAN BILANG DOT-ACCREDITED AGRI-TOURISM FARM SITE



*ATI National Director Remelyn Recoter (pangalwa mula sa kaliwa) ipinakita ang certificate of accreditation ng DOT. Kasama nya sina (mula sa kaliwa) ATI Assistant Director Antonieta Arceo, ATI Bicol Center Director Elsa Parot at DOT Region 5 Tourism Operations Officer II Dr. Siegfred Nebres.*



**PILI, Camarines Sur** – Taos- pusong tinanggap ng ATI Bicol ang karangalan  bilang Agri-Tourism Farm Site ng Department of Tourism. Ito ang kauna- unahang Agri-tourism site sa buong ATI network sa Pilipinas.

Si ATI National Director Remely Recoter mismo ang tumanggap ng certificate of accreditation mula sa kinatawan ng DOT na si Dr. Siegfred Nebres, ang Tourism Operations Officer II ng DOT Region 5.  "ATI-RTC 5 is now a destination" ang deklarasyon ni Dr. Nebres.

Kasama nya sa pagtanggap ng parangal ng pambihirang karangalan  sina Assistant National Director Antonieta Arceo at ATI Bicol Center Director Elsa Parot. Nasa okasyon din sila Dr. Mary Grace Rodriguez ng DA-RFO 5 at Joelle Benavidez ng BFAR Regional Office 5.

Nakiisa din ang ibang mga opisyal at tauhan ng ATI Bicol gaya nila Assistant Center Director Vivien Carable, ISS Section Chief Primalou Imperial, , CDMS Chief Emmanuel Orogo, OIC PASS Chief at ATIng UMA Team Leader Engr. Kristine Olila at Training Specialist I at ATIng UMA Assistant Team Leader Alexander Vargas.

Ayon kay Director Recoter, ang karangalan ay patunay na mas pinapaigting pa ng ATI ang serbisyo nito sa mamamayan. "Congratulations sa ATI Bicol for coming up with this innovation. Ito ay strategy ng ATI para maipakita ang mga teknolohiya sa mga gustong matuto sa agrikultura. This is learning by doing.

Laking tuwa naman ni Center Director Parot dahil nagbunga na ang matagal nitong pinaghirapan. "Gusto naming ang sino mang pumasok sa premises, paglabas nila at may matututunan sila. Ipapakikita namin kung ano ang mga dapat gawin at hindi dapat gawin. Ito ay inaalay namin sa aming mga kliyente, mga kawani ng ATI at mga agri-enthusiast lalo na sa mga kabataan."

Ang ATIng UMA o Unlimited Mentoring in Agriculture ay isang technology demonstration site sa loob ng ATI compound na nagpapakita ng mga teknolohiya sa iba'ibang larangan sa agrikultura. Ang  'uma' ay salitang Bikol na ang ibig sabihin ay 'bukirin.' Ang mga bahagi ng ATIng UMA ay:

- •UMA-Arangkada-  edible landscape
- •UMA-Aral- Kasaysayan ng ATI
- •UMA-Akit- Hardin
- •UMA-Ariba- Palayan
- •UMA-AMmaize- Maisan
- •UMA- Antay- Mini-forest
- •UMA-Alaga-  Hayupan
- •UMA-Antabay- Organic Agriculture
- •UMA-Antig- Aquaponics
- •UMA-Angat-  High-value crops
- •UMA-Aksyon- Play area
- •UMA- ATIkabo- Sports area

Kaya tara na sa ATIng UMA!
**ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

# INSPIREd!
# DA-ATI Bicol Empowers 22 Camarines Sur and Norte INSPIRE Program Beneficiaries

**PILI, Camarines Sur** – Twenty-two (22) beneficiaries of the Integrated National Swine Production Initiatives for Recovery and Expansion (INSPIRE) Program from the Provinces of Camarines Sur and Camarines Norte have undergone the Training on Swine Production for Integrated National Swine Production Initiatives for Recovery and Expansion (INSPIRE) Program Beneficiaries.', They were endorsed by the Department of Agriculture-Regional Field Office 5 as the lead in implementing the INSPIRE Program through the National Livestock Program. The training program mainly focused on organizational management and various swine farm operation and management.



*The INSPIRE beneficiaries with Assistant Center Director Vivien Carable (seated, third from the left) and members of the training management team.*

The resource persons were from the DA-RFO 5, ATI Bicol and the Food and Agriculture Organization of the United Nations. Outputs of the training included 17 Action Plans to be monitored by ATI Bicol Livestock Team. IEC materials, seeds, and e-copy of presentation materials were distributed to the participants.

Mr. Roberto B. Santos, Jr. ATI Bicol Project Evaluation Officer, and the project officer of the training. presented an overview of the training.  Ms. Vivien V. Carable, Assistant Center Director of ATI Bicol, and Dr. Marissa E. Guillermo, Regional Livestock and Poultry Program Coordinator of DA-RFO 5 shared their message during the opening program. Dr. Marissa E. Guillermo discussed the overview of the INSPIRE Program. Ms. Annielyn Panerio, General Manager of the Camarines Sur Multi-Purpose Cooperative, served as speaker for the topic- Strengthening Organizational Culture". She highlighted during her discussion the following: Understanding the Organization its Purpose, Work Facilitating Collaborative Processes, and Communicating Values. The workshop was also part of her discussion, where the participants created an organizational structure that will benefit the INSPIRE Program.

Mr. Marianito A. Tesorero, DA-RFO 5 Senior Science Research Specialist II, discussed the introduction to swine production, highlighting updates on the swine inventory, constraints of swine production, and investments in swine production and its economic gains. Dr. Salvadora M. Gavino, DA-RFO 5 Senior Agriculturist, discussed the breeding and stock management for swine, highlighting the following: breeds and breeding, breeding requirements, stock management including housing requirements, and pig pens.

On the second day, Mr. Ronnie T. Purisima, DA-RFO 5 Technical Staff, shared his ideas regarding feeds and feeding, highlighting pig nutrition, types of feeding and feeding requirements, and water management. He also added discussions on feed formulation. Dr. Jomar Azada, DA-RFO 5 Technical Staff, discussed animal health care for swine. He emphasized the common swine diseases, signs, and symptoms, health management practices, vaccination deworming program, and herd and sow management

Mr. Tesorero explained as well as the classification of pig farms highlighting biosecurity and farm sanitation, and farm personnel hygiene. Through a workshop, the participants illustrated the location of their farms and the current biosecurity measures being implemented. They were taught biosecurity protocols.

Ms. Wibelle Ann Ayab, DA-RFO 5 Technical Staff,  talked about farm records and recording, and Dr. Rosela A. Tenerife of DA-RFO 5 Regulatory Division addressed the topic of Regulatory Facility Registration. Dr. Tenerife shared their office's mandates and offered the participants various services related to their function.

On the last day, Dr. Cristopher Dela Cruz, Project Field Assistant of the Food and Agriculture Organization (FAO) of the United Nations, discussed the wean-to-finisher topics. He shared ideas based on his experience traveling abroad to a swine farm. He was able to share his expertise on swine production, and the participants were able to clarify technical-related concerns regarding production and management.  Mr. Neil Francis Bordon, DA-RFO 5 Agriculturist II, facilitated the marketing and market linkage discussion. He also shared the Agribusiness and Marketing Division (AMAD) mandates. He assisted the participants on the registration requirements as part of their services offered. Lastly, Mr. Michael D. Villezar, Information Officer II of ATI Bicol shared discussions on swine production and its impact on climate change.

*Continue reading on page 18*





# MGA BAGONG INISYATIBO, IPINAKILALA SA PAGGUNITA NG IKA-36 NA TAON NG ATI

**PILI, Camarines Sur** —

> **"Before we empower others, we have to start with ourselves"**

paalala ni Center Director Elsa Parot sa kanyang Mensahe sa pagtatapos ng paggunita ng ATI Bicol sa ika-36 na Anibersaryo ng ahensya.

Sunud-sunod na aktibidad ang ikinasa ng ATI Bicol para sa nasabing okasyon. Una na rito ang isang banal na misa. Sumunod ang mga gawaing nagbigay-buhay sa tema ng selebrasyon: "Innovate, Transform, Empower: Embracing Extension Modernization for a Progressive and Sustainable Agriculture and Fisheries."

Ang inobasyon ay inilarawan ng proyektong Seed Banking for Lasting Initiatives for the Environment (Seed for LIFE) kung saan binasbasan ang greenhouse na matatagpuan sa ATI Bicol. Ang proyekto ay isinasagawa sa pakikipag-tulungan sa mga Learning Sites for Agriculture (LSA) na magsisilbing community seed bank sa kani-kanilang komunidad.

Ang transpormasyon ay ipinakita sa pamamagitan ng Unveiling Ceremony para sa pinapanukalang ikalawang palapag ng mess hall na magsisilbing expansion site ng Technical Offices. Samantala, ang empowerment ay binigyang-buhay ng ATIng Kaugnay Podcast, binansagang PEAS na ibig sabihin ay "Provider of Extension Advisory Services." Ang inaugural episode ng Podcast ay ibinahagi kung saan tampok ang panayam kay Director Parot. Sa pagtatapos ng isang buong araw na selebrasyon, isinagawa ang Commitment Signing sa Work and Financial Plan ng section at unit.

Samantala, bawat empleyado ay pumirma sa tarpaulin poster ng "Innovate, Transform, Empower."

Isang inspirasyon ang ibinahagi ni Dir. Parot sa mga kawani ng ahensya sa kanilang pagharap sa isa na namang taon na walang-humpay na training and extension events.

> **"The stakes are high for us. We will do this. Full speed ahead. Just do our best. Remember why we are at ATI Bicol. This work is very rewarding because we work with people."**

Dahil dito, ang hashtag para sa ATI Bicol, aniya, ay TURBO NOW: Try Ur Best OK. No Opportunities Wasted.
**PRIMALOU B. IMPERIAL**





# CAMARINES NORTE BAEWs EMPOWERED ON RICE PEST AND NUTRIENT MANAGEMENT




*he participants perform Agro-Ecosystem Analysis (AESA) at the rice field.*

**DAET, Camarines Norte** –
Twenty (20) Barangay Agricultural Extension Workers (BAEWs) in the province of Camarines Norte attended the 3-day training, "Facts in Field: A Training on Rice Pest and Nutrient Management for BAEW," held on February 6-8, 2023 in Daet, Camarines Norte.

The BAEWs are barangay-appointed technicians who act as the representative of the barangay to assist the municipal and provincial government in implementing agricultural programs and services in the province. Camarines Norte is the only province in the Bicol Region who appointed BAEWs in their barangays.

The training aims to provide knowledge and skills on the updated pest and nutrient management in the field, specifically using ICT-based tools on pests and nutrients. They were also taught the importance of Balanced Fertilization and the responsible and ethical management of pesticides. Experts from the Office of the Provincial Agriculturist and Fertilizer and Pesticides Authority were resource persons during the activity.

DA- ATI Bicol Center Director Elsa A. Parot, Camarines Norte Provincial Agriculturist Engr. Almirante A. Abad, and OIC-Chief, PASS/Rice Program Focal Person Engr. Kristine O. Olila led the awarding of the certificate of completion. **ENGR. KRISTINE O. OLILA**

# RCEF FARM SCHOOLS PACKAGE CBC FOR DAC

**PILI, Camarines Sur** –
The Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Farm Schools in Camarines Sur gathered to package the Competency- Based Curriculum (CBC) for Digital Agriculture Course (DAC) at Carmel Agri-Learning Farm, Inc, Binanuaanan, Pili, Camarines Sur on January 12, 2023.

The initiative updated the Farm Schools on the guidelines in RCEF program registration for accreditation with the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) and to come up with the unified CBC outline for DAC. Specifically, it was designed to finalize the Units of Competencies and learning outcomes of the course.



"This is now the time for the DAC4RCEF graduates to plan for the farmer-level rollouts. As the nucleus, heart and soul of the community, the RCEF Farm Schools/Learning Sites for Agriculture have now the capacity to provide quality DAC trainings to the RCEF beneficiaries. We, the ATI Bicol, express our 100% support to guide you in packaging the CBC.", shared DA-ATI Bicol Media Production Specialist II and Digital Farmers Program Focal Person Christian T.R. Tosoc during his opening message.

ATI Bicol Information Officer II Michael D. Villezar and TESDA staff Obet Delas Llagas were also present during the gathering to guide the group in the CBC formulation. **CHRISTIAN T.R. TOSOC**



# 22 AEWS, NAGTAPOS SA RCMAS TRAINING

**MAGARAO, CAMARINES SUR – Dalawampo't dalawang Agricultural Extension Worker mula sa anim na probinsya ng Bicol ang nagtapos sa apat na araw na pagsasanay tungkol sa Rice Crop Manager Advisory Service. Ang RCMAS ay isang digital agriculture application na nagbibigay sa mga magsasaka ng naangkop na rekomendasyon para sa tamang pangangalaga ng nutrisyon sa kanilang palayan para tumaas ang kanilang ani at kita.**

**Ang pagsasanay ay tinawag na "Raise the Rice! RCMAS for FITS Center Staff at naglalayong paigitingin ang kaalaman at kakayahan ng mga AEW sa mga lokal na pamahalaan na may FITS Center o Farmers Information and Technology Service Center.**

**Sa apat na araw, tinuruan silang gamitin ang RCM sa pamamagitan ng mga gadget gaya ng smartphone, laptop at geotagging device. Sinanay sila tungkol sa mga feature nito para sa user registration, farmer and farm lot registration, farm lot measurement at seasonal farmer interview. Ginabayan din sila sa tamang pagsukat ng lupa gamit ang geotagging device at pagkuha ng isang-pahinang rekomendasyon na ipapamahagi sa mga magsasaka na nagtataglay ng mga payo tungkol sa tamang panahon, tamang dami at tamang pagkukunan ng nutrisyon sa kanilang palayan.**

**Para maisakatuparan ang kanilang mga natutunan, ang mga nagsasanay ay nagkaroon ng aktwal na pakikipag-ugnayan sa mga magsasaka kung saan sinukat nila ang mga lupain nito at binigyan ng isang-pahinang rekomendasyon.**

**Ang pagsananay ay ginanap noong May 16-19, 2023 sa Sonrisa Farm, Magarao, Camarines Sur. Ang Sonrisa Farm ay isang Learning Site for Agriculture at Extension Service Provider ng ATI.**

**ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

# ATI, BJMP GEAR UP PDLs FOR HYDROPONICS




**IRIGA CITY, Camarines Sur** – The Department of Agriculture's Agricultural Training Institute-Regional Training Center V (DA-ATI Bicol) as capacity builder, knowledge bank, and catalyst of the Agriculture and Fisheries extension system conducted the SKILL UP! Webinar on Hydroponic Production for Persons Deprived of Liberty (PDL) on May 24, 2023.

In partnership with the Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) Iriga City District Jail, the seminar sought to enhance the knowledge and skills of the PDLs on hydroponic production in order to start a small-scale income-generating project.

The participants consisted of 26 PDLs and one BJMP Jail Officer, Eric Galgal of Sirangan Integrated Farm in Carolina, Naga City, a hydroponics practitioner, served as the Resource Person.

The activity was implemented under the banner of the National Urban and Peri-Urban Agriculture Program (NUPAP) with Justine Rose Tubig as Project Officer. Danjhan Layco, NUPAP Alternate Focal Person, and Joan Bombita, Technical Support Staff, facilitated the activity with the assistance of the BJMP Team particularly J/Cinsp Atty. Rodolfo Versosa, Jr. and Jonjon Cagnayo, Warden and Jail Officer, respectively. **DANJHAN B. LAYCO**

## THE 4-MONTH SL-TOT ON CORN PRODUCTION TECHNOLOGY KICKS OFF

**PILI, Camarines Sur** – The Agricultural Training Institute-Regional Training Center V (ATI Bicol) is the capacity builder, knowledge bank, catalyst, training and extension arm, and the lead agency in professionalizing the Philippine agriculture and fishery sectors. In response to the thrust of the government in ensuring food security and self-sufficiency for the Filipino people. The Department of Agriculture is tasked with implementing various government programs that would increase corn production and eventually reduce importation. The increased corn production will meet the consumers' demand amid a fast-growing population and decreasing agricultural area.

The Season-Long Training of Trainers has been recognized as a highly effective and innovative approach for enhancing the capacity of Agricultural Extension Workers (AEWs) engaged in the corn program. Twenty-five AEWs from the Bicol Region participated in thisfour-month training, which will last for 4 months, which started on May 22 and will end on October 6, 2023. As a seed-to-seed training, course will enhance the technical capabilities and decision-making skills of the participants as it involves improving knowledge and skills in extension, cultural management of corn, agroecosystem analysis, safe and sound application of chemical and biological agents, post-harvest technologies, marketing, climate change, good agricultural practices (GAP), and food safety.

In 20 weeks, the Bicol Region will produce 25 new breeds of trainers on corn production technology. Let the plethora of a-maize-ing knowledge begin!

## 20 Farmer Leaders Completed the Training on FBS




**NABUA, Camarines Sur** – Twenty (20) Farmer Leaders completed the training on Farm Business School conducted on May 2-19, 2023, at Macagang Business Center, Nabua Camarines Sur.

The Agricultural Training Institute Regional Training Center V (ATI Bicol) teamed up with the Villar Social Institute for Poverty Alleviation and Governance (Villar SIPAG) and Philippine Coconut Authority Region 5 (PCA) in support of the Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP).

This 10-Day face-to-face training was divided into two parts and scheduled on May 2 to 5, 8, and May 15 to 19. The training is a package of interactive lectures, workshops, Market surveys, and field visits that enhance the knowledge and skills of coconut farmer leaders on the farm business side, which is the foundation for informed, knowledge-based, and optimized decision-making on the farm.





## DFP PARA SA AEWS, RCEF FARM SCHOOLS, ISINAGAWA




Tatlumpo't siyam (39) na kalahok mula sa iba't ibang bayan at Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Farm Schools ng Masbate, Albay at Camarines Sur ang nagtapos ng pagsasanay tungkol sa Digital Farmers Program (DFP). Dalawampo (20) na mga kalahok nito ay Agricultural Extension Workers (AEWs) samantalang labing siyam (19) naman ay mga tagapagsanay ng mga RCEF Farm Schools.

Isinagawa sa dalawang (2) pangkat ng mga kalahok, ang pagsasanay ay naganap sa pakikipagtulungan ng Digital Agriculture and Innovation Center ng Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) at Smart Communications, Inc.

Ang unang batch ay isinagawa noong ika-18 hanggang ika-20 ng Abril sa Masbate City habang ang ikalawang batch ay ginanap noong ika-23 hanggang ika-25 ng Mayo sa ATI Bicol, Pili, Camarines Sur.

Para sa hands-on ng mga kalahok, ginamit ang sampong (10) pirasong smartphones mula sa ATI na naglalaman ng iba't ibang Agricultural at Marketing Apps.

Nagsilbing tagapagsalita si Karlos Miguel Haber, Information Technology expert ng CBSUA, tungkol sa paggamit ng internet at GPS Field Area Measure. Tinalakay ni Jobenel De La Torre, Technical Support Staff ng DA-ATI Bicol ang iba't-ibang Agricultural Apps na makakatulong sa mga magsasaka. Karamihan sa mga agri apps ay binalangkas ng PhilRice.

Sina Michael Villezar at Christian Tosoc ng DA-ATI Bicol ay nagturo tungkol sa smartphone, paggamit ng social media, mga apps tulad ng Payong PAGASA, QR Code Technology, Rice Crop Manager, at eLearning. Kabilang din sa pagsasanay ang talakayang ibinahagi tungkol sa paggawa ng online poster, maging ang paggamit ng iba't ibang e-commerce platforms at online transactions/payments tulad ng Maya at GCash.

Ang DFP ay itinataguyod upang makapagsanay ng mga AEWs at farmer school trainers tungkol sa digital farming upang maging katuwang na matulungan ang mga magsasaka na ma-access ang mga impormasyong kailangan upang makagawa ng mas mahusay na desisyon sa pagsasaka.

Layon ng DFP na pagbutihin ang mga kahusayan at kasanayan sa paggamit ang digital technology, at palawakin ang oportunidad para sa mga magsasaka upang maibenta nila ang kani-kanilang ani sa paraang mas maayos at mas makatutulong sa kanilang kabuhayan. **CHRISTIAN T.R. TOSOC**

# TOPNOTCHER
## Rafael Pantino *ng Virac, Catanduanes*

Isang magsasaka ng palay si Rafael Pantino, 54 taong gulang at nakatira sa isla ng Catanduanes.

Si Benjie Pantino, panganay na anak ni Rafael at Annabel, ay topnotcher sa 2011 Civil Engineering Examination. Si Annabel ay isang simpleng maybahay.

Bukod sa isang Civil Engineer, may mga anak din silang Accountant at espesyalista sa Information Technology. At susundan pa ng pang-apat nilang anak na nais maging Arkitekto.

Ang pag-aaral ng mga propesyonal na anak ay itinaguyod ng kanilang magulang na isang magsasaka.

Posible. Totoong nangyari.

### DETERMINASYON

Matatagpuan sa Philippine Eastern seaboard, ang lalawigan ng Catanduanes ay lubhang apektado ng mainit na temperatura at malalakas na bagyong namumuo sa Pacific Ocean. Dahil dito, higit ang hirap at balakid na pinagdadaanan ng mga magsasaka sa lugar.

Ganun pa man, pinapahalagahan ni Rafael ang kanyang gawain. "Pagsasaka talaga, sobrang mahalaga sakin dahil yun talaga ang ikinabubuhay namin, pinagkukunan ng pagkain, at ang extra ay binibenta. Bata pa ako, parte na ako ng pagsasaka."

Nangungupahan lang ng lupang sinasaka si Rafael, mula noon hanggang ngayon. "Nakikigamit lang po ako. Ako ang gumagastos. Ang ani, apat na parte. Ang tatlong parte sa akin, isang parte sa may-ari. Puro nakikigamit lang ako, ito lang ang lupa namin, ang natitirikan ng bahay, sariling lupa namin."

Bukod pa rito, walang irigasyon sa lupang sinasaka ni Rafael. Mas mababa ang ani kung sahod-ulan lamang ang pagsasaka, kumpara sa may irigasyon.

"Nagtatanim ako ng mais, kamote, palay, mani. Sa palayan, mahigit isang ektarya din. Tapos yung mataas na porsyon namin, tinataniman ko ng palay, pagkatapos nang magtanim ng palay, mais na ang tinatanim saka kamote. Hindi irrigated, sahod-ulan lang. Bihira lang makapagtanim ng palay dalawang beses sa isang taon. Isang taon, isang beses. 'Pag tapos na sa pagtanim ng palay, sa dagat naman ako maghanap-buhay."

"Number one problema dito, irrigation talaga. Pagkatapos ng palay, wala nang tubig ang palayan, ginagawa namin crop rotation – mais, kamote, monggo. May susunod naman na aanihin."

Naipakita ni Rafael na hindi sagabal ang kawalan ng lupang pag-aari upang magtagumpay sa buhay. "Yung pagsasaka talaga napamahal na sakin. Kung walang magsasaka, wala namang mabibiling bigas. Lahat na kinakain, kahit na mayayaman, galing sa magsasaka.

"Sa pagsasaka, mahirap talaga ang buhay, kasi nakabilad sa araw, halos maghapon kang pagod na pagod. Ang bigas, ang palay ay binibenta ko. May bangka rin ako, panghuli ng isda. Pag walang-wala talaga, karpentero rin ako. Kung saan medyo maluwag, kung saan ako kikita, dun ako."



Gayun pa man, malaking tulong ang pagsasaka sa pamilya Pantino. "Sa loob ng isang taon, hindi ako bumibili ng bigas. Kahit wala akong pambili, may kakainin kami. Walang masarap na ulam, basta may kanin, ayos lang."

### DESISYON

Nakasalalay sa tamang desisyon ang tagumpay.

Marami sa kanilang lugar ang naghahanap-buhay bilang construction worker, ayon kay Rafael. Dahil sa hirap ng gawaing pagsasaka, mabibilang na lamang sa kamay ang mga nagsasaka sa kanilang barangay. "Ang importante sa amin, sabay ang pagtatanim, tulong-tulong. May dumating man na peste, hindi ka mapeperwisyong masyado dahil sabay-sabay, tulong-tulong. Leaf-folder at daga, maya ang perwisyong number one dito."

Kinikilala nya ang tulong ng pamahalaan upang mapagaan ang trabaho sa sakahan. "Malaki pa rin ang pasasalamat ko sa tulong ng DA, ng LGU kasi meron silang magandang programa sa ngayon na libreng pagpa-araro ng lupa, binhi, abono, at meron pang financial assistance na binibigay sa aming mga magsasaka. Kaya malaki pa rin ang pasasalamat ko sa agriculture, sa DA at sa LGU.

"Hindi kagaya noong panahon ang pagsasaka, talagang kalabaw lang, kayod-kalabaw talaga, mano-mano ang pagtatrabaho. Sa ngayon, medyo maluwag na talaga kasi sa pagtrabaho sa lupa, makinarya na. Sa pag-ani, hindi man harvester ang gagamitin pero meron naman thresher. Nakaluwag-luwag na, hindi kagaya noong panahon na sobrang hirap talaga.

"Meron kaming Barangay Farmers Association at sa fisherfolks, kasama ako. Pag may pa-training ang DA, minsan nga yung Agriculture nagpa-training dyan tungkol sa pagtatanim, nag-aattend ako ng pa-training. Dito sa barangay may taga-Agriculture sa LGU, nagpapa-training sila, nagde-demo kung paano ang pagtanim ng palay, sila Sir Alex (Asuncion)."

Sa mga teknolohiyang itinuturo ng LGU, ang paggamit ng tamang binhi ang isa sa mga unang isinasagawa. "Maganda talaga kapag nakakapili ng binhi.

"Dati nag-organic fertilizer kami. Ngayon may programa ang DA, nabibigyan kami ng abono. Kaya medyo nakaangat-angat konti sa pag-ani ng palay. Kung walang abono, hindi mababawi ang gastos at hirap sa pagpatanim.

"Mahirap talaga, halos dugtong-dugtong ang pangangailangan, ang pinansyal. Tiyaga lang po, sipag at tiyaga. Pangarap kong mapagtapos sa pag-aaral ang mga anak ko. Desisyon talaga. Pagsisikap lang.

"Nagtatanim din ako ng mga gulay – talong, kamatis. Hindi problema ang pagmamarket, may mga sasakyan na, ang kalsada natin sementado na, hindi kagaya noon rough road talaga.

"Ang bagyo dito sa amin, seasonal. Mga buwan ng October, simula na ng bagyo. Tina-timing namin na ang pagtatanim, hindi aabutin ng pagdaan ng bagyo.

"Ang masasabi ko lang sa mga kapwa ko magsasaka, tiyaga lang tayo para makapagtanim. Sa ngayong panahon, karamihang idinadaing ng mga magsasaka, sobrang mahal ng abono. Tsaka ang mga trabahador, yung bayad sa pagpapatrabaho, sa nagsasaka, sobrang taas."

Ang mga balakid na ito ay nagsilbing hamon para kay Rafael kung saan tumibay ang kanyang mithiin bilang magsasaka. "Sa ngayon, wala nang susunod na henerasyon na pwedeng maggamit ng lupa para magsaka. Maraming nag-aral para sa kursong agriculture, pero nasa opisina. Ang problema, wala nang susunod na henerasyon."

### INSPIRASYON

Pinaghalong saya at pagkamangha ang mababanaag sa kanyang mukha habang kinikwento ni Rafael ang mga pinagdaanan sa buhay.

"Sa awa ng Diyos, nakapagpatapos din ako ng tatlong anak, nagtapos ng kolehiyo. Isa na lang ang pinapaaral kong anak. Panganay ko po civil engineering, nag-top 1 noong 2011 sa civil engineering exam. Pangalawa kong anak na babae, tapos na rin ng accountant, board passer naman sya. Ang pangatlo, graduating na sya sa kursong IT. Ang pang-apat, Grade 11 sa ngayon, ang plano nya pag-college ay architecture."

Kinikilala rin ni Rafael ang halaga ng gawain ng kanyang asawa. "Mas mahirap ang trabaho sa bahay. Mas mahirap ang trabaho ng taong-bahay. Sasabihin nila, tagabahay lang. Mas maraming problema, sakripisyo ang ginagawa ng isang ina sa loob ng isang pamilya."

Apresasyon naman ang umiiral sa kanyan para sa kanyang mga anak, , "Kahit sila, nagsusumikap silang makapagtapos. Para hindi na nila madanas ang pinagdaanan naming paghihirap. Noong panahon, ang tinitirhan namim, kubo lang. 'Pag may bagyo, asahan mong wala na. Sa awa ng Panginoon, nakapagawa ng matibay-tibay na bahay, panlaban sa bagyo."

Sa mga hamon sa buhay, nagtutulungan ang pamilyang Pantino. "Sa ngayon, wala pang asawa. Yung engineer, nang college pa yun, pagdating galing eskwelahan, pupunta yun sakin, tumutulong sya sa palayan. Yung mga sumunod, puro focused na sila sa pag-aaral."

Marahil, respeto sa bawat isa ang sikreto ng pamilyang Pantino. "Sa financial, tumutulong na ang mga anak ko. Sa gastos sa pagtatanim,

sa kanila na. Parang ganun din, tumutulong din sila sa pagtatanim."

Ang tulong pinansyal ng kanyang mga anak ay kailangan dahil nangangailangan sya ng mga trabahador sa sakahan.

"Dati partehan lang, yung inani mo, siyempre kaparte ka dun. Ngayon, yung iba binabayaran ko."

"Sa mga anak ko, talagang hindi na pwedeng asahan na yun ang susunod na gagamit ng mga lupa. Pero kahit ganun, proud pa rin ako sa mga anak ko. Hindi sila naging pasaway sa amin. Wala silang bisyo. Sabi nga, kung ano ang puno, sya ang bunga."

May kasabihan, kailangang pahalagahan ang pinagmulan upang marating ang paroroonan. Para kay Rafael Pantino at sa kanyang pamilya, ang pagsasaka ay topnotcher na hanapbuhay.

Story by
**PRIMALOU B. IMPERIAL**



## 36 Oras sa Bicol: Ang pagbisita nila ATI National Director Recoter, Assistant Director Arceo




*Sina ATI National Director Remelyn Recoter at Assistant Director Antonieta Arceo, sinalubong ng mga opisyal ng ATI Bicol sa pangunguna ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot.*

**BICOL Region** — Kahit siksik sa mga aktibidad ang dalawang araw na pagbisita nila ATI National Director Remelyn Recoter at Assistant Director Antonieta Arceo nang nakaraang Abril 12 at 13 ng kasalukuyang taon, hindi man lamang nakitaan ng pagod at kakulangan sa enerhiya ang dalawang pinakamataas na opisyal ng ATI.

Sa pambihirang pagkakataon, sila ay nagsama sa pinakatimog na bahagi ng Luzon na binabagyo sa panahon ng tag-init.

Sila ay sinalubong ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot kasama sina Assistant Center Director Vivien Carable, Information Section Chief Primalou Imperial, Partnerships and Accreditation Section OIC Chief Engr. Krisitine Olila, Training Specialist II at Admin Chief Melba Bonafe, HR Head at Accountant Nancy Anagao, Budget Unit Chief Joy Rodriguez, Dormitory Head Louiza Tena at iba pa.

Pagkalapag pa lamang ng sinakyang eroplano sa Bicol International Airport bago pa magbukang-liwayway, tumungo agad sila sa mga Learning Site. Ito ay ang El Miro De Shei Farm sa Camalig Albay; Nelly's Garden and Bee Farm sa Daraga, Albay at Laudato Si Farm, Sto. Domingo, Albay.

Kinahapunan, nagkaroon naman ng pagpirma ng memorandum of agreement (MOA) ang ATI at DA-RFO 5 para sa pagpapalawig ng papanatili ng ATI sa loteng pagma-mayari ng DA sa loob ng 25 taon. Sina Director Recoter at DA-RFO 5 Regional Executive Director Rodel Tornilla ang lumagda sa kasunduan. Ito'y ginananp sa lungsod ng Legazpi.

Pagkatapos nito bumiyahe naman sila ng halos dalawang oras papunta sa tanggapan ng ATI Bikol sa Bayan ng Pili, Camarines Sur.

Ilang minuto lamang ng pahinga pagkarating ay pinasinayahan naman ni Director Recoter ang oath-taking at induction ng mga Regional 4H Federation Officers sa ginaganap ng 4H Youth Camp. Pinuri ni Director Recoter ang mga kabataan sa kanilang dedikasyon at pagsusumikap na maitaas ang antas ng agrikultura sa bansa. Muli nyang hinakayat ang mga ito na ituloy at himukin ang kapwa kabataan na umanib sa agrikultura.

*Continue reading on page 22*

## CHILL LANG, IT'S CHILI!

Kwento ni Angelica Porto



Mapula, berde, mahaba, maliit, magkakaiba ang luto, at MAANGHANG! Ang pagkain ng Sili (Capsicum fructescens) ay nagpapakita ng pagiging-ORAGON o magaling ng isang Bicolano – walang inuurungan kahit ang maanghang na pagkain tulad ng Laing, Kinunot, at Bicol Express. Hindi lang Bicolano kundi maraming Pilipino ang mahilig kumain ng Sili.

Dahil may sapat na suplay ng Sili sa Bicol, nagdesisyon si Angelica na gawin itong mapagkukunan ng kita.

Si Angelica "Angie" Sarsalejo Porto ng Tigaon, Camarines Sur ay panganay sa anim na magkakapatid. Ang kanyang Mama Ann ay isang maybahay, at ang kanyang Papa Sandy ay isang welder.

Bilang panganay na anak, inako ni Angie, 23 taong gulang, ang responsibilidad na tulungan ang kanyang mga magulang sa araw-araw na pagtustos sa pangangailangan ng kanilang pamilya.

Tulung-tulong na sinimulan ng buong pamilya Porto ang kanilang munting negosyo noong kasagsagan ng pandemya. Dahil marami silang tanim na Sili sa likod-bahay, naisipan ni Angie na iproseso ito sa kanilang kusina. Ngayon, ang Porto Kitchen ay tinatangkilik na sa buong bansa.

Si Mama Ann, ang mapagmahal na tagaluto ng pamilya Porto, ang gumagawa ng malinamnam na Chili Garlic Oil. Wika ni Angie, "Si Mama ang tunay na mukha ng Porto Kitchen." Kitang-kita sa mga mata ni Mama Ann ang pagpapasalamat at kasiyahan.

Mula sa ₱300 na kanyang naipon, nakagawa ang mag-anak ng 12 botilya ng Chili Garlic Oil na inilagay sa garapon ng peanut butter. Dahil sa pandemya, mahirap ang buhay at pinagbabawalang lumabas ang mga tao. Mga kapitbahay ang unang customer ni Angie. Hindi raw naubos ang paninda at nalugi pa sila dahil ang ibang produkto ay inutang at hindi na nabayaran.

Taong 2022 nang natapos ni Angie ang kursong Bachelor of Science in Agriculture Major in Agricultural Economics sa Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) sa Pili, Camarines Sur. Binigyan sya ng pagkilala ng CBSUA bilang gradweyt na Best in Enterprise Induction kung saan ginawa nyang thesis ang munting negosyo ng pamilya.

Bagama't hindi agrikultura ang first choice ni Angie bilang kurso sa kolehiyo, isinapuso nya ito. Sabi nya, "Parang dinadala talaga ako ng tadhana sa agriculture course na naging dahilan kung ano ako ngayon." May asignatura sya sa isang klase kung saan kailangang gumawa ng Business Plan. Dahil nasimulan na ng pamilya Porto ng Chili Garlic Oil, iyon na ang ginawang thesis ni Angie.

Bago grumadweyt sa kolehiyo si Angie, naitayo nya ang bandera ng Porto Kitchen sa Young Farmers Challenge ng Kagawaran ng Pagsasaka (DA). Naiuwi nya ang ₱50,000 sa Provincial Level, at ₱150,000 sa Regional Level. Ang kabuuang ₱200,000 napanalunan ay ginawa nyang puhunan sa pagpalago ng negosyo. Nagdagdag sila ng mga produkto, mga kagamitan, at sangkap sa pagluto.

Nais ni Angie na gawing moderno ang pasilidad sa pagproseso ng kanilang produkto, sa tulong ng pamahalaan. Ang Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST) ay nais magbigay ng asistensya, samantalang ang Bureau of Foods and Drugs Administration (BFAD) naman ang sa akreditasyon. Ang Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (DTI) ay tumutulong upang mapaganda ang product packaging at logo ng Porto Kitchen.

Samantala, sinuportahan ng DA-Agricultural Training Institute ang Porto Kitchen sa pagsali nito sa Buy Local Bazaar ng PLDT at Smart. Gamit ang social media accounts at online shops kabilang ang Facebook, Tiktok, Shopee, at Lazada, malawak na ang nararating ng Porto Kitchen. Sa ngayon, meron na itong mga resellers: 21 sa Bicol, lima sa Metro Manila, dalawa sa Visayas, at dalawa rin sa Mindanao.

Ang simpleng Chili Garlic Oil ay marami nang variants – ang Mild at Extra Hot; Regular at Spicy Crunchy Garlic Bits; Regular at Spicy Chicken Pastil; Plain, Pork, at Chicken Chili Garlic Bagoong; at Bottled Spices tulad ng Chili Flakes at Powder, Korean Chili Flakes at Powder, at Garlic Powder. Pinakamabenta ang Chili Garlic Oil at Chili Garlic Bagoong. Humigit-kumulang 500 na botelya ang kanilang naibebenta kada buwan.

Kinikilala ni Angie ang suporta ng Tigaon Local Government Unit, partikular ang Municipal Agriculture Office, at ang 4-H Club bilang nagpatatag ng kanyang karakter. Nililinang ng 4-H Club ang Head, Heart, Hands, Health. Pinatibay nito ang kanyang lakas ng loob at kasanayang makipag-talastasan tungkol sa iba't ibang larangan dahil sa mga Outreach Programs tuwing Disyembre at mga patimpalak.

Para kay Angie, nagpapasalamat syang sa murang edad ay nasimulan nya ang negosyo. Pangarap nyang mabigyan ang kanyang pamilya ng sariling bahay, dahil hind isa kanila ang loteng kinatitirikan ng kanilang bahay.

Wika ni Angie, "Ang aking negosyo ay isa lang sa aking mga sideline. Kailangan ko pa rin ang mas stable job." Sa simula pa ng kanilang negosyo, dumaan na ang pamilya Porto sa pagkalugi. Marami pang dagok ang pwedeng kaharapin ng kanyang negosyo. Sa kabila nito, chill lang si Angie bagama't determinado syang patibayin ang pundasyon ng kanyang negosyo at pamilya.

Sa pag-asenso ng Porto Kitchen, napatunayan ni Angie na kahit bata pa, kayang makipagsabayan ng isang taong may determinasyon, kakayahan, at nakikipag-tulungan. Ang kabataan ay pagkakataong tumuklas, magkamali, at matuto.

**MA. FRANCIA E. BAUTISTA**



## Refresher for RCEF Trainers, Isinagawa



**DARAGA, Albay** — Sumailalim sa limang araw na Refresher Course ang 28 Farm School Owners, School Administrators, at Trainers mula sa mga Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Farm Schools.

Ang limang araw na pagsasanay ay pinamagatang Rise RCEF Trainers: Refresher Course on Production of High-Quality Inbred Rice & Seeds and Farm Mechanization with GAD Concepts. Ito ay ginanap sa New Blossoms Function Hall sa Daraga, Albay nitong nakaraang Mayo 15-19, 2023.

Layon ng pagsasanay na paigtingin ang kapasidad at kaalaman ng mga tagapagsanay mula sa RCEF Farm Schools upang patuloy nilang maibahagi ang kanilang kaalaman sa mga magsasaka. Bukod dito, naglalayong mabigyan ang mga tagapagsanay ng napapanahong teknolohiya at pinakamahusay na kasanayan sa produksyon ng palay upang makamit ang "Masaganang Agrikultura, Maunlad na Ekonomiya."

Ang RCEF Farm School ay kwalipikadong magsagawa ng pagsasanay para sa mga magsasakang nasa lalawigang sakop ng RCEF-Rice Extension Services Program – ang Albay, Camarines Sur, Masbate, at Sorsogon. Kailangang maging ATI-certified Learning Sites for Agriculture (LSA) muna ang sakahan bago ito maging isang RCEF Farm School.

Ang Republic Act No. 11203 o Rice Tariffication Law ay naglalayong matiyak ang sapat na pagkaing bigas sa bansa, pataasin ang ani at kita ng mga magsasaka, at patibayin ang kakayahan nila mula sa produksiyon ng palay hanggang pagbenta sa merkado. **JOBENEL DE LA TORRE**

## BICOL 4H YOUTH CAMP: MAHIGIT 60 KABATAAN NAGSAMA, NAGTAGAGISAN, NAGBUKLOD

**NABUA, Camarines Sur** — Ika nga, walang umuwing luhaan. Imbes nadagdagan pa ang kanilang kaalaman, kasanayan at kaibigan.

Ito ang naging karanasan ng 64 kabataang kaanib sa 4H Club mula sa anim na probinsya ng Bicol — Albay, Camarines Sur, Camaranis Norte, Catanduanes, Masbate at Sorsogon — sa ginanap na Bicol 4H Youth Camp sa ATI compound, Pili, Camarines Sur nang nakaraang Abril 11-13, 2023.

Sinumulan ang programa sa mga simbolikong seremonya. Sinundan naman ng welcome address ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot na kung saan binigyang-diin niya ang papel ng mga kabataan sa pagbuo ng bansa at ang kahalagahan ng pakikilahok ng mga ito sa agrikultura. Nagpahayag din ng suporta ang rehiyonal na tanggapan ng Department of Agriculture sa pamamagitan ni Mr. Marcial Bustarga, ang Agricultural Provincial Coordinating Officer sa Camarines Sur.

Nagkaroon ng tagisan sa larangan ng agri innovative pitching, himig handog song-writing at singing contest at promotional video contest. Ang mga nagsipagwagi ay sina:

**4H Agri-Innovative Pitching**
1st- Masbate-Nepthalie Aban
2nd- Albay- Roberto Diesta
3rd- Cam. Norte-Lenard F. Maramba

**4H Himig Handog Song Writing And Singing Contest**
1st- Masbate- Mao Japhet Sampaga
2nd- CamNorte-Airen E. Gomez
3rd- Albay- Jeremias L. Guanzon Jr.

**4H Promotional Video Making Contest**
1st- Cam. Norte-Rex D. Encarnacion
2nd- Sorsogon-Arnelyn N. Aguilar
3rd- CamSur-Arielle Rose Datoy

Ang mga nagwagi ay nagantimpalaan ng pera, binhi at mga kagamitang pangsaka.

At syempre lahat ito kompetisyon. Nagkaroon din ng pamamahagi ng mga matagumpay na kwento at inobasyon ng mga kabataan kagaya ni Angelica Porto, ang may-ari ng Porto's Kitchen, na gumagawa ng mga produktong galing sa sili; Diosdado L. Culiat, isang Adopt-A-Youth Program graduate; at Emmanuel Villagen, isang Binhi ng Pag Asa graduate na may-ari ng Eman-Oks 3R's Hydroponics.

Nagbahagi rin ng kanilang salaysay sina James Fresnido, ang 4H Regional Federation Vice President, at benepesaryo ng Urban Agriculture Program, at King John Binlayo ng 4H Club Bacacay na nahirang na National Winner sa 4H National Excellent Achievers' Award.

Upang malaman ang programa ng gobyerno sa kabataan, tinalakay ni Patrocinio Collao, ang Regional Focal Person of Young Farmers Challenge Program ng DA-RFO 5 ang Youth Programs in Agriculture at sabay pinaanyayahan ang mga kaanib ng 4H na sumali sa Young Farmers Challenge Program.

Tungkol sa digital agriculture na isinusulong ng pamahalaan, tinalakay ni ATI Bicol Information Section Chief Primalou Imperial ang Digital Farmers Program na naglalayong mapalago ang produksyon at kita sa agrikultura gamit ang mga modernong gadget na sikat sa mga kabataan.

Naging highlight naman ang oath-taking at induction ng mga Regional 4H Federation Officers na pingangunahan mismo ni ATI National Director Remelyn Recoter. Pinuri ni Director Recoter ang lahat na miyemebro ng 4H at hinamon nya ang mga ito na maging modelo sa paghimok sa kapwa kabataan na tangkilikin ang agrikultura.

Ang mga bagong halal na mga opisyal ng 4H sa Bicol ay sina :

President : Dhonald Verana
Vice President : Gilbert Bolima
Secretary : Cristina Torreda
Treasurer : James Fresnido
Auditor : Allan Cinco
Business Manager : Joey Hade

Ang huling aktibidad ay pagbisita sa mga Learning Site ng ATI Bicol, ang Deloverges Agri-Farm sa Bayan ng Bula at ang Carmel Agri- Learning Farm sa Pili. Dito ay personal nilang nasaksihan ang mga teknolohiya at napakinggan ang mga payo ng mga Learning Site Cooperators.

Si Emmanuel L. Orogo, ang hepe ng Career Development Management Section, ang nagbigay ng pangwakas na mensahe. Muli nyang hinamon ang mga kabataan na isabuhay ang deklarasyon ng Pambansang bayani na si Jose Rizal na "Ang Kabataan ang Pag-Asa ng Bayan."
**JOYCA LABIOS**



# DA-ATI BICOL HOLDS OPERATIONAL PLANNING WORKSHOP



**PILI, Camarines Sur** – In pursuit of its mandate as the capacity builder, knowledge bank, and catalyst of the Philippine Agriculture and Fisheries Extension (AFE) System, the ATI Bicol continuously implements responsive extension programs and projects geared towards improving the lives of the farmers, fisherfolks, and other stakeholders in agriculture.

The key is operationalizing the strategies in which operational planning provides specific direction, encourages focus, and aligns people with the Center's overall strategic goals. Operational planning ensures that personnel function like a well-oiled machine throughout the year.

Hence, the Agricultural Training Institute-Regional Training Center V (ATI Bicol) conducted an Operational Planning Workshop last January 16-17, 2023 at the ATI Dormitory and Training Hall in Brgy. San Agustin, Pili, Camarines Sur. It tackled 2023 Work and Financial plans (WFPs), the designation of roles and responsibilities, the distribution of targets, and the scheduling of activities.

ATI Bicol Planning Officer II Emmanuel L. Orogo acknowledged the activity participants. They are from different sections, namely, the Information Services Section (ISS), Partnerships and Accreditation Section (PAS), Career Development Management Services Section (CDMS), Admin and Finance Unit (AFU), Planning Monitoring and Evaluation Unit (PMEU) and Office Center Director (OCD). He presented the activity overview and the objectives for the Operational Planning Workshop.

ATI Bicol Center Director. Elsa A. Parot shared her opening message and presented the Policy Directions for Fiscal Year 2023. Afterward, all Section Chiefs and point persons presented their work and financial plans.

On the second day, other matters were discussed. These are the Monitoring and Evaluation reports presented by Project Evaluation Officer Roberto Santos, Jr.; Administration and Finance Office matters by General Service Unit Head Melba SM. Bonafe; Bidding and Awards Committee updates by BAC Head and Information Section Chief Primalou Imperial; and the ISO Surveillance Audit preparations by Internal Quality Team leader and Information Officer Mr. Isagani Valenzuela, Jr.

Workshops were also held for the completion of the Division Performance Review and Commitment (DPCR) the Individual Performance Commitment and Review (IPCR) forms as well as the finalization of the Project Procurement Management Plan (PPMP).

ATI Bicol Assistant Center Director Vivien V. Carable delivered the closing message. **ANDREA P. ESPIRITU**

# DA-ATI BICOL, UPLB TRAIN LSAs ON COMMUNITY SEED BANKING

**PILI, CAMARINES SUR** – The Agricultural Training Institute -Regional Training Center V, in collaboration with the Institute of Plant Breeding (IPB) of the College of Agriculture and Food Science (CAFS) at the University of the Philippines Los Baños (UPLB), conducted a Training on Seed Production, Processing and Storage for Community Seed Banks. It was held on January 19-20, 2023, at the Isarog Hall, ATI Bicol, San Agustin, Pili, Camarines Sur. Forty Learning Sites for Agriculture (LSA) cooperators participated in the training.

During the opening program, ATI Bicol Center Director Elsa A. Parot shared her message and thanked everyone for their continuous support and enthusiasm for the agricultural improvement in the Bicol Region. She emphasized that LSAs are the jewels of community development.

ATI Bicol Planning, Monitoring and Evaluation Unit Chief Mr. Emmanuel L. Orogo, who also served as the Project Officer, presented the training overview. Mr. Orogo also served as the Focal person for the High-Value Crops Development Program (HVCDP).

UPLB University Researchers Florita Carandang, Jennelyn Bengoa, Hidelisa de Chavez and Raol P. Pamiloza served as resource persons.

Ms. Carandang discussed seed production; Ms. Jennelyn C. Bengoa seed processing and storage; Mr. Pamiloza insect management; and Ms. de Chavez discussed community seed banking.

The participants performed seed extraction and processing, seed drying, moisture content determination, and identification of seed contaminants and rejects. **SHENNA P. NAVAL**



# ATI Bicol Triumphs in Third Party ISO Surveillance Audit



**PILI, Camarines Sur** –

> **"Continue on igniting and inspiring ourselves, for us to improve."**

With these words, ATI Bicol Center Director Elsa Parot voiced the celebratory energy among the staff after a productive eight-hour audit of its training and extension services.

Mr. Xavier Lance Dy, TUV SUD Auditor and Head of Operations, conducted the surveillance audit – the Center's second since its certification. Mr. Dante Esguerra, ATI Quality Management Representative, also took part in the on-site audit.

Together with ATI-Central Visayas, ATI Bicol is the first ATI Regional Training Center to be ISO-audited this year. It is also one of the five RTCs to undergo face-to-face surveillance audit this year, while the rest opted for remote audit.

"Face-to-face is a better way to get the most benefit out of the audit," clarified Mr. Dy during the opening meeting. "This is a product of your effort."

The audit methodology included random sampling, interviews and open discussion, checking of documents and records, observation of actual implementation, trailing of interconnected operations, and note-taking.

Next year, ATI is planning to upgrade its certification to include environmental management, explained Mr. Esguerra, who was formerly Center Director of ATI-Davao Region. **PRIMALOU B. IMPERIAL**

# DEBESMSCAT OJTS COMPLETED INTERNSHIP PROGRAM

**PILI, Camarines Sur** – Nine On-the-Job students from Dr. Emilio B. Espinosa Sr. Memorial State College of Agriculture and Technology (DEBESMSCAT) completed 240 hours of training at ATI Bicol. The students stayed at ATI Bicol for one-month performing various field and administrative works. They attended a series of lecture/discussion and participated in hands-on agricultural activities.



The OJT culminating activity was graced by Assistant Center Director Vivien V. Carable, DEBESMSCAT Coordinator Ezra Servilla, ATIng UMA Farm manager Jerico Sandagon, and RCEF Technical Staff Jobenel Dela Torre.

During the expression of learnings and insights by OJT students, Ms. Jessica Orbase shared that she "learned that OJT is not just a requirement to be completed but it is an opportunity to show your talent and skills." Mr. Jhay Perida added that "ATI is really the right venue for learning." Mr. Eddie Alvarez also shared his written poem entitled "ATI, ang Tahanan na ATIng babalik-balikan" and Mr. Junil Torres spoke in behalf of the nine OJT students saying "A million thanks to ATI for this once in a lifetime opportunity."

At the end of the activity, Assistant Center Director Vivien Carable imparted an advice to the graduates from Martin Luther King Jr. "If you can't fly, then run. If you can't run, then walk. If you can't walk, then crawl. But by all means, keep moving forward." **JERICHO V. SANDAGON**




## YOUTH SCHOLARSHIP FOR ORGANIC FARMING GRANTEES SIGN MOA WITH DA-ATI BICOL, FARM PARTNERS

**PILI, Camarines Sur** – Ten (10) Youth Scholarship for Organic Farming grantees signed the Memorandum of Agreement (MOA) with the Department of Agriculture's Agricultural Training Institute – Regional Training Center V (ATI Bicol) and five farm partners on March 28, 2023 at Isarog Hall, ATI-RTC V, San Agustin, Pili, Camarines Sur. The grant aims to provide the youth with leadership and values transformation training as well as exposure to agri-economic opportunities in organic agriculture.

Among the signatories were ATI Bicol Center Director Elsa A. Parot, farm partners namely: Ocbian Nature Farm in Castilla Sorsogon; Carmel Agri-Learning Farm Inc. in Pili, Camarines Sur; El Miro De Shei in Camalig, Albay; Deloverges Farm in Bula, Camarines Sur; and Albay Farmers Bounty (AFB) Village, as well as the youth grantees.

Assistant Center Director Vivien V. Carable, Partnership and Accreditation OIC-Chief Engr. Kristine O. Olila, Acting Accountant Nancy M. Anagao, OA Focal Person Justine Rose C. Tubig and Alternate Focal Person Danjhan B. Layco were also witnesses to the MOA signing.

Ms. Tubig discussed the obligations of the grantees and farm partners/ The latter will serve as training grounds for the Internship component of the program.

The program has allocated funds for the provision of financial assistance which include monthly stipend and start-up capital to the young farmers, and technical assistance for the thorough validation and assessment. **Christian T.R. Tosoc**

## 4-H'ER MULA CAMARINES NORTE, MAGSASANAY SA BANSANG HAPON



**Quezon City** – Sisimulan na ni Jam Kenny Bernardo ng Barangay Taisan, Basud, Camarines Norte ang halos isang taong homestay training sa bansang Hapon.

Si Jam Kenny ay isa sa 23 kabataang Pilipinong pumasa sa pagsasala at eksaminasyon sa ilalim ng programang Young Filipino Farm Leaders Training Program in Japan (YFFLTPJ) para sa taong 2023.

Sa Bicol Region, ang mga aplikante ay dumaan sa masusing proseso ng pagpipili na nagsimula sa rehiyon at nagtapos sa national level evaluation. Ang YFFLTPJ ay sinusuportahan ng ATI Bicol sa pangunguna ni Ms. Ma. Techie Lizaso, 4-H Program Focal Person, sa superbisyon ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot, at sa tulong ng mga 4-H Club Coordinators ng iba't ibang Provincial, City, at Municipal Agriculture Offices.

Matapos ang Send-Off Ceremony na isinagawa ng Agricultural Training Institute sa Quezon City sa pamumuno ni ATI Director Remelyn Recoter at Deputy Director Antonieta Arceo, ang 23 mapapalad na kabataang pumasa sa mga pamantayan ay tumungo na sa bansang Hapon noong Abril 14, 2023. Sila ay mag-aaral ng moderno at sustinableng pagsasaka sa bansang Hapon.

Ang YFFLTPJ ay isinasagawa sa pagtutulungan ng Department of Agriculture (DA) at Japan Agricultural Exchange Council (JAEC). Layon nitong matulungan ang kabataang Pilipinong magsasaka na maging farmer leaders at agricultural entrepreneurs. **PRIMALOU B. IMPERIAL**



## JOROSS FARM Makes History- First LSA II in Bicol; First multi-province LSA II nationwide!

**SORSOGON CITY, Sorsogon** – The last day of the least-day month has turned out historic for Joross Farm of Ligao City, Albay.

First, it was awarded as Learning Site for Agriculture II, the first in Bicol. An LSA II is an LSA that was upscaled due to exceptional performance. It is an alternative training venue for ATI's interventions, particularly for agricultural skills, agri-processing skills, and other training courses that require hands-on methodologies on a live-in arrangement.

Second, branching out to another province, this time in Sorsogon, has become the first LSA II to have branches in as many provinces. Both farms are organic.

ATI Bicol Center Director Elsa Parot awarded the certificate to Jose and Rossinni Obligacion, the owners of the farms. With her are other ATI staff, namely, Information Officer II Isagani Valenzuela Jr., Training Specialist I and LSA Coordinator Alexander Vargas, Technical Staff Valourie Banes, as well as On-the-job trainees Junil Torres and Ana Mae Vargas.




*Mr. Jose and Rossinni Obligacion receives their Certificate of LSA II from ATI Bicol Center Elsa A. Parot.*

Director Parot lauded Joross Farm for its service to the community, especially the farmers. She said the couple exemplified the words of Mahatma Gandhi, "the best way to find yourself is to lose yourself in the service of others."

On the other hand, Ms. Rossinni thanked the ATI and all other people behind their success. 'Hindi naman mararating ito kung hindi kami natulungan.." she added.

Also present in the occasion were Assistant City Agriculturist Mely Fernando; Provincial Agriculture Organic Agriculture Officer Felina Angeles; Provincial Agriculture and Fishery Council Chairperson Virginia Oanzon of Oanzon's Farm Enterprise, also an LSA. Other LSA cooperators are also in the event: Lindi Grace and Cecil Alah of Good Grass in Legazpi City and Beth Marino of Solong Integrated Farm in Camalig, Albay. Barangay officials and guests were also at the event.

The awarding and the signing of the Memorandum of Agreement were held at Brgy. Balete, Bacon, Sorsogon City, Sorsogon last February 28, 2023.

**ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

## ATI BICOL AT MUNISIPYO NG BASUD, NAGSAGAWA NG RCM BRIEfiNG

**BASUD, Camarines Norte** – Dalawampu't isang magsasaka ng palay sa Basud, Camarines Norte ang nakiisa sa kauna-unahang pagsanib-pwersa ng ATI Bicol at Munisipyo ng Basud sa pagsagawa ng Rice Crop Manager Briefing na pinamagatang 'Payo sa Palay: Rice Crop Manager Briefing.'

Malugod na tinanggap ni Basud Municipal Agriculturist Harry James Felomino ang mga magsasaka at hinimok silang gamitin ang RCM sa kanilang pagsasaka. Tinalakay naman ni ATI Bicol RCM Coordinator Isagani Valenzuela Jr. ang mga tampok at benepisyo ng RCM. Samantala, pinangasiwaan naman ni Ms. Janice Villota, ang Municipal Agriculture Office Rice Focal Person at RCM Point Person, ang aktibidad.

Dahil isinasaayos ang server ng RCM sa panahong ginawa ang aktibidad, isinagawang panayam sa mga magsasaka gamit ang questionnaire. Ang mga impormasyong nakalap ay inilagay sa RCM website pagkatapos ng nasabing aktibidad.

Ang RCM ay isang web-based advisory service na nagbibigay ng siyentipikong payo sa mga magsasaka tungkol sa tamang paglalagay ng nutrisyon sa kanilang tanim na palay. Ito ay bahagi na Rice Crop Manager Advisory Services na naglalayong pataasin ang ani at kita ng mga magsasaka.
**ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

## RICE CROP MANAGER BRIEFING, MULING ISINAGAWA SA CATANDUANES

**VIRAC, Catanduanes –** Pagkalipas ng limang taon, muling isinagawa ng ATI Bicol ang Rice Crop Manager Briefing 'Payo sa Palay' para paigtingan ang programa ng RCM sa probinsya na kilala sa tawag na 'Happy Island'.

Dalawampung magsasaka ng palay ang natulungan ng programa at nabigyan ng tamang payo tungkol sa pamamahala ng nutrisyon sa kanilang palayan. Ang mga magsasaka ay galing sa mga Bayan ng Bato, San Miguel at Virac.

Katuwang ng ATI Bicol ang Office of the Provincial Agriculturist na pinamumunuan ni Engr. Ace William R. Tria. Ang panayam sa mga magsasaka ay naisagawa sa tulong ni Ronald Samonte, ang RCM Provincial Coordinator kasama sina John Patrick Camacho at Edzel Balbin. Si Florence Teanila, ang Agricultural Technician ng San Miguel at Joed Alapide Sarmiento, ang Local Farmer Technician ng Virac, ay bahagi rin ng grupong nagsagawa ng briefing.

Ang Rice Crop Manager o RCM ay isang modernong serbisyo na layong magbigay ng impormasyong teknikal na mapapakinabangan ng mga magsasaka ng palay sa pamamagitan ng teknolohiya sa komunikasyon gaya ng smartphone, laptop at tablet.



*Ipinaliwanang ng LGU tehcnician sa magsasaka ang isang pahinang rekomendasyon ng RCM.*

Sa pamamagitan ng RCM, nabibigyan ang magsasaka ng isang pahinang rekomendasyon na gagabay sa kanya sa panahon ng pagtatanim partikular sa klase ng abono, dami at panahon ng paglagay nito sa kanyang sakahan. Napapayuhan din sya kung kailan dapat magtanggal ng damo, pag-spray ng insecticide at alternate wetting at drying.

Ang RCM ay bahagi ng RCM Advisory Services na naglalayong tulungan ang mga magsasaka na makamit ang masagang ani at mataas na kita tungo sa matatag na eknomiya.

Ang RCM Briefing ay isinagawa sa Virac, Catanduanes noong Hunyo 15, 2023. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**



*Continuation from Page 2*

## INSPIREd! DA-ATI Bicol Empowers 22 Camarines Sur and Norte INSPIRE Program Beneficiaries...

As part of the significant training requirements, the participants submitted action plans that ATI will monitor. During the closing program, selected participants shared expressions of learnings and insights. Assistant Director delivered her closing message.

The training was held at the ATI Training Hall and Dormitory in Brgy. San Agustin, Pili, Camarines Sur on March 21-23, 2023. **ROBERTO B. SANTOS, JR.**

## NATIONAL ATI DIRECTORATE, BINISITA SI BERT DIESTA SA ALBAY

**GUINOBATAN, Albay –** "Nagpapasalamat po ako sa DA, ATI at LGU. Importante po ang support ng LGU at mga DA agencies, dahil sa tulong nila may na-develop na Roberto Diesta." Ito ang nabanggit ni Bert Diesta nang bisitahin ang kanyang sakahan sa Muladbucad Grande, Guinobatan, Albay nina Agricultural Training Institute (ATI) Director Remelyn Recoter at Deputy Director Antonieta Arceo .

"Ito po is a family farm land. Na-develop dahil sa pag-develop sakin ng ATI since 2012 nang ma-create ang 4-H Club Muladbucad Grande." Sa kanyang sakahan, makikita ang malawak na taniman ng sibuyas talong at palay, gayundin ang babuyan kung saan nag-aalaga sya ng mga patabain at inahing baboy.

Ayon kay Bert, nang dahil sa 4-H Club, nakasali sya sa Youth Empowerment through a Sustainable (YES) Program at Young Filipino Farm Leaders Training Program in Japan (YF-FLTPJ) ng ATI. Sa YES Program, nakalikom sya ng kaalaman mula sa iba't ibang sakahan. "Dun po na-develop ang farm skills ko."

Dahil naman sa YFFLTPJ, natupad nya ang pangarap na matuto tungkol sa pagsasaka ng ubas (grapes). "Dun ko nakita ang sinasabing modern agriculture, na ang isang farm o rice field, isang tao lang kayang i-manage kahit fives hectares."

Samantala, kinilala naman ni Director Remelyn Recoter ang halaga ng kontribusyon ni Bert. "Ang istorya mo ay nagbigay ng inspirasyon sa akin at sa buong Agricultural Training Institute. It's an inspiration for us Extension Workers na ang hinubog mong kabataan ay merong mararating. You recognized the efforts of ATI, of course ng Municipal Coordinator at very supportive Local Government Units. Kasi yun ang sekreto sa mga programa ng national government – ang support ng LGU."

Sa pagsigasig ni Bert, hindi lang sya ang nakinabang sa kaalaman nya. Nakinabang din ang kanyang kapwa kabataan sa Guinobatan, kung saan dalawa ang nakapasa sa Filipino Young Farmers Internship Program (FYFIP) in Taiwan.

"Nung binalik ako sa ATI, it's time to pay forward also sa ATI. Hinubog din ako sa ATI for the past 18 years. Hinubog ka rin ng 4-H Club, so ibabalik mo rin sa 4-H Club sa pamamagitan ng pagtulong sa mga kabataan sa Guinobatan. So congratulations and thank you," ani Director Recoter kay Bert.

Dumating rin sa pagpupulong si Mayor Paul Chino Garcia ng Guinobatan, at nagpahayag rin sya ng kanyang pasasalamat sa ATI. "Sa tulong po ninyo, lalo na dito sa Muladbucad Grande, sisikat ang Guinobatan at magiging agri tourism destination."

Bilang mensahe ni Bert sa mga kabataan, sinabi nya na "sana always gawin ninyo ang best ninyo. 'Pag may opportunity na nawala, ibig sabihin may another opportunity na darating. Always do your best, and make the best better."

Sa pamumuno ni Center Director Elsa Ani Parot, napuntahan ng National ATI Directorate ang sakahan ni Bert Diesta upang makita mismo nila ang mga proyekto nito. Ang maikling pagpupulong ay bahagi ng dalawang araw na pagbisita ni Director Recoter at Deputy Director Arceo sa rehiyon nitong ika-12 at 13 ng Abril 2023. **PRIMALOU B. IMPERIAL**



# ATI DIRECTORS NAKAPANAYAM ANG MGA KABATAAN, KASANGGA NA LSA

"We consider Learning Sites as partners for development in agriculture." Ito ang binigyang-diin ni Agricultural Training Institute (ATI) Director Remely Recoter sa kanyang paglibot sa mga Learning Sites for Agriculture (LSAs) kasama si Deputy Director Antonieta Arceo, ATI Bicol Center Elsa Parot, at Assistant Center Director Vivien Carable nitong ika-12 ng Abril 2023

**El Miro De Shei Integrated Farm sa Camalig, Albay**



Masayang isinagawa ng El Miro De Shei Integrated Farm ang seremonya para sa pagtatapos ng 20 estudyante ng agribusiness mula sa Polangui Community College ang kanilang 240 oras na On-the-Job Training (OJT) sa nasabing LSA.

Nagsilbing guest of honor ang ATI Directorate, kung saan nakilala rin nila ang dalawang kabataang tumanggap ng Youth Scholarship Grant on Organic Farming sa tulong ng El Miro De Shei Integrated Farm bilang farm-partner.

Sa nasabing okasyon, nagpaabot si Sam Magallanes Dino at Sheila Marie Dino ng kanilang malogod na pagtanggap sa pagbisita ng ATI Directorate. Ang El Miro de Shei Integrated Farm ay ang tanging "positive thing caused by the Covid-19 pandemic," ayon sa kanila. Bilang isang accredited Farm Tourism Site, ang LSA ay nagbibigay ng "enjoyment, education at inspiration" sa bawat bumibisita dito.

**Nelly's Garden and Bee Farm sa Daraga, Albay**



Sunod pinuntahan ng grupo ang Nelly's Garden and Bee Farm. Isang malinis na hardin malapit sa niyogan, ang Nelly's Garden and Bee Farm ay nagpapakita ng kumikita, sustenableng at abot-kayang teknolohiya sa stingless bee-keeping o meliponiculture.

Iba't ibang uri ng bahay-bubuyog ang matatagpuan sa palibot ng farm. Makikita dito ang beehives na gawa sa bao ng niyog o coconut shell, typhoon-resistant at sementadong istruktura na permanente ang pagkagawa, bahay-bubuyog na nasa poste, at beehives na gawa sa pinagtakip na mga palayok.

Tetragonula biroi ang uri ng stingless bee na matatagpuan sa Nelly's Garden and Bee Farm kung saan mabibili ang matamis at masustansyang pulót-pukyutan. Ang bubuyog na ito ay epektibo bilang pollinator ng niyog.

**Laudatu Si Farm sa Sto. Domingo, Albay**




Ang Laudatu Si Farm ay nagpakita ng Vertical Indoor Crab Facility at iba pang teknolohiya sa brackish water farming. Ang teknolohiyang natuklasan nila ay maaaring gawin kahit malayo sa tubig-dagat ang isang farm.

Nagkaroon din ng pagpupulong at palitan ng kuro-kuro sa Laudatu Si Farm ang ATI Directorate, media practitioners, at mga miyembro ng religious organizations.

Sa pasilitasyon ni Rev. Fr. Efren "Momoy" Borromeo, tinalakay ang ilang balakid sa pagpaabot ng sapat na kaalamang kailangan ng mga magsasaka, at kung paano masolusyunan ito, sa tulong na rin ng mga LSA. **PRIMALOU B. IMPERIAL**



# ATI-CO ManCom Visits to Validate RTC Operations

**PILI, Camarines Sur** — "Ma'am Els, Kudos." Noting the physical improvements in the facilities and features of the Center, ATI Deputy Director Antonieta Arceo opened the validation conference and inspection at ATI Bicol. Members of the Central Office (ATI-CO) Management Committee (ManCom) visited the Center on February 23-24, 2023.

"Our purpose is not to look into the deficiencies, but look at your procedures," Director Arceo explained the ATI-CO ManCom's series of visits to ATI-Regional Training Centers (RTCs) which began in 2022. She added that the activity is meant to complement the ISO surveillance audit.

For her part, Center Director Elsa Parot warmly welcomed her former coworkers, having been part of ATI-CO for 15 years prior to her appointment as Training Center Superintendent II of ATI Bicol.

"Just be yourself," CD Parot requested her staff, stating that she takes pride in working with them.

The ATI-CO Validation Team met with each Section and Unit of the Center, and asked probing questions to draw out their respective strategies and even challenges encountered. Assistant CD Vivien Carable formally introduced to the Team each of the ATI Bicol personnel, both permanent and contract of service.

The ATI Bicol workforce warmly welcomed the Team as a chance to meet and greet each one of them in person. Together with Deputy Director Arceo, the Team comprises Ms. Milagros Urbano, Planning and M&E Chief; Ms. Editha Vinuya, Career Development Management Division Chief; Ms. Nemielynn Pangilinan, Partnerships and Accreditation Chief; Mr. Joeven Calasagsag, Information Services Chief; Ms. Marisa Galgo, Human Resource Management Chief; Ms. Leonila Cadiz, Budget Chief; as well as Ms. Cindy Alfonzo and Mr. Mark Nello Alvarez.

The validation visit came just a week after the ISO surveillance audit. **PRIMALOU B. IMPERIAL**

# ASEAN FARMERS EXCHANGE SPOTLIGHTS ATI INITIATIVES

**PADANG CITY, Indonesia** — Alexander Vargas, ATI Bicol Focal Person for the Farm Partnership Program, together with Roberto Diesta, 4-H Club President of Guinobatan, Albay, participated in the ASEAN-Dialogue Partners Exchange Farmers Visit on June 9-14, 2023 in the West Sumatra province of Indonesia.



Selected by the Agricultural Training Institute (ATI), Mr. Vargas and Mr. Diesta represented the Philippines and joined 28 other delegates from Brunei Darussalam, Cambodia, Lao PDR, Malaysia, Thailand, Myanmar, Singapore, Vietnam, Japan, the United States, Taiwan, and Indonesia.

During the event, Mr. Diesta shared his knowledge and practices in agribusiness promotion, agricultural information, and technology. As an active youth leader, an agriculture scholar under the Youth Empowerment through a Sustainable (YES) Program, and a graduate of the Young Filipino Farm Leaders Training Program in Japan (YFFLTPJ), his talk emphasized the importance of the youths in agriculture, as well as the mentorship of ATI and the Local Government Units of Guinobatan and Albay Province, particularly the Municipal and Provincial Agricultural Offices.

The ASEAN-Dialogue Partners Exchange Farmers Visit was hosted by the Indonesian Agency for Agricultural Extension and Human Resources Development under the Ministry of Agriculture of the Republic of Indonesia. It is part of the Strategic Plan of Action on ASEAN Cooperation on Agricultural Training and Extension (SPA-AWGATE) for 2020-2025. **PRIMALOU B. IMPERIAL**

# "PAGKAING DAPAT LIGTAS" BAGS BEST PARTICIPATORY VIDEO


CERTIFICATE OF RECOGNITION

This certificate is awarded to

DEPARTMENT OF AGRICULTURE - AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE REGIONAL TRAINING CENTER V

*For being chosen as one of three winners in the **Best Participatory Video** competition during the Com Dev Asia Online Training on Participatory Video Production and Sharing held in November 7, 10, 16, and 21, 2022 via Zoom.*

ComDev Asia recognized DA-ATI Bicol's "Pagkaing Dapat Ligtas" as one of the Best Participatory Videos during the ComDev Asia Online Training on Participatory Production and Sharing.

The production team is composed of Ms. Elsa A. Parot as Over-All Supervisor; Ms. Primalou B. Imperial as Consultant; Christian T.R. Tosoc as Team Leader; Ms. Justine Rose C. Tubig, Ms. Joy M. Din and Mr. Echo V. Sandagon as Production Staff.

The entry from DA-ATI Bicol highlighted how biodegradable wastes (kitchen wastes) are turned into useful bio-fertilizers inside the BJMP Iriga City.

The video was evaluated based on: involvement of different stakeholders working together to solve an issue or concern; use of elements of the community; relatability of content; and technical quality.

The competition aimed to enhance capacities of practitioners, development workers, and family farmers and their organizations tas well as apply basic notions for the participatory use and sharing of video for development purposes.

The online training was participated by the participants from Nepal, Indonesia and Philippines. **CHRISTIAN T.R. TOSOC**

*Continuation from Page 10*

## 36 Oras sa Bicol: Ang pagbisita nila ATI National Director Recoter...

Matapos ang 4H Oathtaking Ceremony, tumungo sina Director Recoter sa paglulunsad ng ATIng Uma ng ATI Bicol bilang Agri-Tourism Farm Site ng Department of Tourism. Pinuri nito ang ATI Bicol sa kanilang inobasyon at istratehiya nitong maibahaging aktwal ang mga teknolohiyang itinuturo nito sa kanilang mga kliyente.

Nagtapos naman ang gabi sa isang Meet and Greet na ginanap sa Sonrisa Farm, ang natatanging Extension Service Provider ng ATI Bicol. Dito ginanap ang oath-taking ni Emmanuel Orogo bilang bagong promoted na mamumuno ng Career Development at Management Section ng ATI Bicol.

Sa kanyang mensahe, muling hinimok ni Director Recoter ang mga opisyal at kawani ng ATI Bicol na patuloy na gumawa ng inobasyon at huwag magpakampante sa paglilingkod sa mamamayan. Sa kabilang banda, muling ipinaaala-ala ni Assistant Director Arceo sa mga manggawa ang kahalagahan ng  core values ng ahensya na siyang dapat isapuso at isagawa ng mga kawani nito.



*Ang MOA signing sa DA-RFO 5 kasama si Regional Executive Director Rodel Tornilla.*



*Ang turn-over ng SWAIB Project sa Pilar Mayor Carloyn Sy Reyes.*

Kinaumahagan, tumungo muli ang grupo sa lalawigan ng Sorsogon para sa turnover ng Upgraded Swine Artificial Insemination sa Barangay (SWAIB) Project sa Barangay Putiao sa Bayan ng Pilar. Ang alkalde mismo ng bayan na si Mayor Carloyn Sy Reyes kasama ang mga opisyal nito ang tumanggap sa proyekto.

Muling bumalik sa Albay ang grupo upang bisitahin ang Diesta Farm sa Bayan ng Giunobatan. Bago magtakip-silim, lumipad na sina Director Recoter at Deputy Director Arceo pabalik ng Manila.

Tatlong lalawigan. Tatlong Learning Site. Isang ESP. Isang farm. Limang aktibidad sa loob ng 36 oras. Ngunit sa dalawang nangungunang lider ng ATI, sila'y handang harapin ang patuloy na serbisyo para sa mga nagsasakang pamayanan. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

ATING KAUGNAY NEWSLETTER

Editorial Board:
Technical Advisers | ELSA A. PAROT | VIVIEN V. CARABLE | EMMANUEL L. OROGO | ENGR. KRISTINE O. OLILA
Editor-in-Chief | PRIMALOU B. IMPERIAL
Editor/Writer | ISAGANI C. VALENZUELA, JR.
Layout Artist | CHRISTIAN T.R. TOSOC
Contributors | ENGR. KRISTINE O. OLILA | JOYCA O. LABIOS | ANDREA P. ESPIRITU | JERICHO V. SANDAGON
CHRISTIAN T.R. TOSOC | ROBERTO B. SANTOS, JR. | SHENNA P. NAVAL | MA. FRANCIA E. BAUTISTA
JOBENEL DE LA TORRE
Photo Credits | PROJECT IMPLEMENTERS

This newsletter is published every semester by the
Department of Agriculture - Agricultural Training Institute - Regional Training Center V (Bicol)
through Information Services Section, Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur | www.ati2.da.gov.ph/ati-5

Printed in the Philippines
Copyright 2023. All Rights Reserved